



AHA! LEARNING CENTER'S

ESKWELANG PAMILYA

 /ahalearning  /ahalearns

BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL Lesson 14

Pambungad

Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **“Sintomas ng COVID-19”**. Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!

Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 14

Source: Department of Health

I. PAGBATI

Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 🧑🏫 🏠. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🧐?

II. ? KATANUNGAN SA ARAW NA ITO

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Yna ng San Juan City.

📄 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, may ubo po ako ngayon, ibig sabihin po ba noon ay may coronavirus po sa loob ng aking katawan?

III. 💬 PAG-USAPAN NATIN

Hello, Yna!

Salamat sa iyong tanong. 😊

--

Ang aking sagot, HINDI. Hindi porke't may ubo ka ay may coronavirus ka na sa loob

ng iyong katawan. 🧠❌🦠

Base sa World Health Organization (WHO) ang mga pangkaraniwang sintomas ng COVID-19 ay lagnat 🤒, pagkapagod 😫, ubo 🧑, sipon 🤢, baradong ilong 🤧, sore throat 🗣️, o diarrhea 🚽. Pero may ilang mga indibidwal na hindi nakakaramdam ng sintomas o asymptomatic.

Ang mabuti pa ay tandaan mo kung ikaw ba'y natalaikan ng sipon, plema, o laway ng taong may sakit. Kung hindi naman, huwag mangamba. ❌🦠

Ngunit kung nakakaranas na ang malubhang sintomas katulad ng hirap sa paghinga 😮, pamumutla 😵, at pagbabago ng huwiso 🤨, agarang magpatingin o kumonsulta sa doktor para sa atensiyong medikal. 🧑🏻👩🏻

IV. 🦸 HAMON

Atin namang pag-usapan ang maaari mong gawin upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa loob ng inyong bahay: 🏠

(1) Magsuot ng facemask, o di kaya'y gumamit ng tisyu, panyo, o loob ng siko kapag uubo o babahing 🤧. Itapon natin ang ating mga ginamit na tisyu sa basurahan 🗑️. At, kung maaari, manatili na lang sa loob ng kwarto upang mamahinga, at maiwasang makahawa. 🛋️

(2) Punasan ang mga bagay na madalas gamitin 📱🔑🚪🚽 gamit ang basahan na may bleach – zonrox. 🧼

(3) Madalas na maghugas ng kamay gamit ang tubig at sabon 🧼🧴, gumamit ng alcohol-based sanitizer na may 70% solution ➕🧴, at maligo 🚿 upang tanggalin ang virus na kumapit sa katawan. (Hand washes a day, keep the viruses away! ❌🦠)

(4) Kumain 🍽️ ng masususustansyang 🥦🥕🌽 pagkain, uminom ng tubig 🥛, mag-eherisyo 🏋️♂️, at matulog nang wastong oras. 😴

(5) At, kung nakakaranas ng katamtamang sintomas agad na makipag-ugnayan sa Barangay Health Emergency Response Team (BHERT), at manatili at magpalakas sa loob ng bahay sa loob ng 14 araw. 🏠

Ating tandaan, ang malinis nating ginagalawan, malusog na pangangatawan, at malakas na resistensya ang ating proteksyon sa coronaviruses. 🤝🦠🦠

V. 💡 PAG-ISIPAN

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

- 🔍 Tama o Mali. Hindi porke't may ubo ka ay may coronavirus ka na sa loob ng iyong katawan.
- 🔍 Anu-ano ang mga sintomas ng COVID-19?
- 🔍 Tama o Mali. Ang lahat ng indibidwal ay nakakaranas ng sintomas ng COVID-19.
- 😓 Kailan dapat kumonsulta sa doktor para sa agarang atensyong medikal? 🧑💰🧑💰
- 🔍 Tama o Mali. Huwag maligo dahil nasa loob lang naman ng bahay. ❌🛌🏠

VI. 🙌 PANGWAKAS NA BATI

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. ➡️📱🧑🏠🏠

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 🧑🏠🧑🏠?

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 😊

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."